PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna sa COVID-19:

## *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit kailangan magpabakuna?

Ang bakuna sa **COVID-19** ay makakahadlang sa sakit na **COVID-19.** Makakatulong ang pagbabakuna na mabawasan ang pagkalubha ng sakit na COVID-19 kung magkakasakit ka.

Ang COVID-19 ay dulot ng coronavirus na tinatawag na SARS-CoV-2 na madaling kumakalat mula sa isang tao papunta sa iba. Ang COVID-19 ay makapagdudulot ng banayad hanggang katamtamang pagkakasakit na tumatagal nang iilang araw lamang o malubhang pagkakasakit na nangangailangan ng pagpapaospital, matinding pangangalaga, o isang ventilator upang makatulong sa paghinga. Ang COVID-19 ay maaaring magresulta sa pagkamatay.

Kung ang taong naimpeksyon ay may mga sintomas, maaaring lumabas ang mga ito 2 hanggang 14 na araw matapos malantad sa virus. Ang sinuman ay maaaring magkakaroon ng banayad hanggang matinding mga sintomas.

- Kabilang sa posibleng mga sintomas ang lagnat o panginginig, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga, matinding pagod (pagkapagod), pananakit ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, masakit na lalamunan, paninikip ng ilong o tumutulong sipon, pakiramdam na ibig masuka o pagsusuka, o pagtatae.
- Maaaring kabilang sa mas malubhang mga sintomas ang hirap sa paghinga, hindi nawawalang pananakit o bigat sa dibdib, bagong pagkalito, walang kakayahan na gumising o manatiling gising, o namumutla, abuhin, o nangangasul na balat, mga labi, o kuko, depende sa tone ng balat.

Ang mga mas nakatatandang nasa hustong gulang na may partikular na mga naunang medikal na kodisyon (tulad ng sakit sa puso o baga o diabetes) ay mas malamang na magkakasakit nang malubha mula sa COVID-19.

## 2. Bakuna sa COVID-19

Ang pinakabagong bakuna sa COVID-19 (2023–2024 Formula) ay inirerekumenda sa bawat isa na 6 na buwang gulang o mas matanda pa.

Ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga sanggol at mga batabg 6 na buwan hanggang 11 taong gulang ay magagamit sa ilalim ng Emergency Use Authorization mula sa U. S. Food and Drug Administration (FDA). Mangyaring sumangguni sa Fact Sheet para sa mga Tumatanggap at mga Tagapag-alaga para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga taong 12 taong gulang at mas matanda, ang updated na mga bakuna sa COVID-19, na gawa ng ModernaTX, Inc. o Pfizer, Inc., ay aprubado ng FDA.

- **Ang bawat isa na 12 taong gulang at mas matanda** ay dapat tumanggap ng 1 dosis ng aprubado ng FDA, pinakabagong 2023–2024 bakuna sa COVID-19. Kung nakatanggap ka kamakailan ng bakuna sa COVID-19, dapat maghintay ka nang 8 linggo matapos ang iyong pinakahuling dosis upang makakuha ng pinakabagong 2023–2024 na bakuna sa COVID-19.
- **Ang ilang tao na may mga medikal na kondisyon o gumagamit ng mga gamot na nakakaapekto sa immune system** ay maaaring makakuha ng karagdagang mga dosis ng bakuna sa COVID-19. Mapapayuhan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang ilang taong 12 taong gulang at mas matanda ay maaaring makakakuha sa halip ng naiibang bakuna sa COVID-19 na tinatawag na Novavax COVID-19 Vaccine, Adjuvanted (2023–2024 Formula). Ang bakuna ay available sa ilalim ng Awtorisasyon sa Emergency na Paggamit mula sa FDA. Pakitingnan ang mga Fact Sheet para sa mga Tumatanggap at mga Tagapag-alaga para sa karagdagang impormasyon.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang tao ay tumatanggap ng bakuna ay:

- Nagkaroon na ng isang **allergic na reaksyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng bakuna sa COVID-19**, o nagkaroon ng anumang **mga allergy na matindi at nagbabanta sa buhay**
- Nagkaroon ng **myocarditis** (implamasyon sa kalamnan ng puso) o **pericarditis** (implamasyon sa lining sa labas ng pusot)
- Nagkaroon ng **multisystem inflammatory syndrome** (tinatawag na MIS-C sa mga bata at MIS-A sa mga nasa hustong gulang)
- Mayroong **huminang immune system**

Sa ilang mga kaso, ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magpasya

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

na ipagpaliban ang pagbabakuna sa COVID-19 hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling. Ang mga taong may impeksyon ng COVID-19 ay dapat maghintay na mabakunahan hanggang makabawi sila mula sa kanilang pagkakasakit at ihinto ang pagbubukod mula sa iba.

Ang mga buntis na babae na may COVID-19 ay nasa tumaas na panganib sa malalang pagkakasakit. Ang pagbabakuna sa COVID-19 ay inirerekumenda para sa mga taong buntis, nagpapasuso, o nagtatangkang mabuntis ngayon, o maaaring mabuntis sa hinaharap.

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.

## 4. Mga panganib ng isang reaksyon sa bakuna

- Ang pananakit, pamamaga, o pamumula kung saan ibinigay ang turok, lagnat, pagkapagod (fatigue), pananakit ng ulo, panggiginaw, pananakit ng kasukasuan, pakiramdam na ibig masuka, pagsusuka at namamagang mga kulani ay maaaring magaganap pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19.
- Ang myocarditis (implamasyon sa kalamnan ng puso) o pericarditis (implamasyon sa lining sa labas ng puso) ay bihirang nakikita pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19. Naobserbahan na ang panganib ay pinakakaraniwan sa mga lalaking 12 hanggang 39 taong gulang. Mababa ang tsansa na maganap ito.

Kung minsan, ang mga tao ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nahihilo ka o may mga pagbabago sa paningin o may umuugong sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magdudulot ng isang matinding allergic na reaksyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

## 5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksyon ay maaaring mangyari pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang malalang allergic na reaksyon (hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, isang mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Humingi kaagad ng medikal na paggamot kung ang nabakunahang tao ay nakakaranas ng pananakit ng dibdib, pangangapos ng hininga, o pakiramdam ng mabilis tumibok, masyadong mabilis ang tibok ng puso, o parang binabayo ang dibdib matapos ang pagbakuna sa COVID-19. Ang mga ito ay maaaring mga sintomas ng myocarditis o pericarditis.

Para sa iba pang mga palatandaan na nagpapa-alala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito, o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at ang mga miyembro ng kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo

Ang Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo (Countermeasures Injury Compensation Program, CICP) ay isang federal na programa na maaaring makatulong na bayaran ang mga gastos ng medikal na pag-aalaga at ibang mga partikular na gastos ng ilang mga tao na seryosong napinsala ng ilang mga gamot o pagbabakuna, kabilang ang bakunang ito. Sa karaniwan, ang isang paghahabol ay kailangang isumite sa CICP sa loob ng isang (1) taon mula sa petsa nang pagtanggap ng bakuna. Upang malaman pa ang tungkol sa programang ito, bisitahin ang website ng programa sa www.hrsa.gov/cicp, o tawagan ang **1-855-266-2427**.

## 7. Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa COVID-19 Fact Sheets, package inserts, at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/industry-biologics/coronavirus-covid-19-cber-regulated-biologics.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumisita sa website ng mga bakuna sa COVID-19 ng CDC sa www.cdc.gov/coronavirus.

Tagalog translation provided by Immunize.org